



## Abstract

"Kahon-kahon" is a fictional piece that attempts to tell different stories through the screens that dominate online education, such as Zoom and Google Classroom. It explores feelings of isolation, anger, and powerlessness of teachers and students as we try to continue learning in the "new normal" while the world crashes and burns nonstop.



**Keywords:**
Zoom, online learning, teacher, distance education, online classroom



**English title**


Screens


# KAHON-KAHON


**IZA REYES**

## *Karaniwang Itsura ng mga Kahon ni Teacher Joy*



**Mga kahon ni Teacher Joy**: Zoom screen at itim na mga kahon ng mga mag-aaral sa klase (Zoom ang ginagamit na video platform sa kanilang paaralan, isang pribadong paaralan na halos upper-middle class ang mga estudyante) at Google Docs screen, kung saan nagsusulat siya ng lesson plan—na pinupuno niya rin ng makukulay na mga kahon.

## Teacher Joy

"Please print this template for your child's session this morning. If you do not have access to a printer, you may draw this template on a piece of paper instead. Thank you, parents!" Mensahe ng guro ng anak ko sa Viber group naming mga magulang ang unang-una kong nabasa pagdilat ko ngayong umaga. Shet, nakalimutan ko na naman na may kailangang ihanda para sa klase niya. Bahala na.

7:00. Ihahanda ko ang yoga mat. Hindi ako fan ng mindfulness exercises na palaging ginagawa sa paaralan, kahit noong face-to-face pa. Mabilis na lumipad ang utak ko. Palagay ko, hindi naman posible ang *clear your mind* na pilit ipinagagawa ng ganitong mga exercise.

'Yon lang, ngayong pandemya, kinailangan kong mag-yoga. Wala kasi akong pambili ng ergonomic chair para sa sakit ng likod ko. Sobrang nakatulong ang yoga poses para maibsan ang sakit ng likod ko, kahit sa palagay ko, mukha naman akong tanga sa pinaggagagawa ko. Nakatulong din ito para hindi ako gaanong mag-isip sa umaga. Sabi nila, kapag nagyo-yoga raw, mas mahaba ang pasensiya. Totoo naman yata, para sa akin.

Kailangan kasi ng mahaba-habang pasensiya ng isang online teacher. Araw-araw, palagay ko, nakatitig ako sa kawalan dahil sa itim na mga kahon ng mga estudyante ko sa Zoom. Ayaw talaga nilang mag-on ng camera, at hindi ko na pinipilit. Madalas, parang sarili ko ang kausap ko, nakatitig ako sa repleksiyon ko sa itim na itim kong Zoom screen. Nakakawala ng gana, pero kapag nawalan ako ng gana, lalong patay ang classroom.

Magsasaing ako pagkatapos ng yoga, at mag-iinit ng tubig pampaligo. Tulog pa ang mag-ama ko nang ganito kaaga, pero ako, kailangang nakaupo na sa work station ng 8:00. Sinadya kong pagandahin ito—may laptop, ring light, at microphone. May mga libro, notebook, at ballpen na nakalagay sa pastel-colored pen organizer na nabili ko sa Shopee. Mayroon ding cute na coaster para sa dalawa o tatlong baso ng kape na naiinom ko sa isang araw.

Mula 8:00 hanggang 10:30, nagdo-document work ako. Naghahanda ng lesson plan, slides, ng mga gawain sa Google Classroom. Nagchi-check ng mga papel. Nadi-distract ng Twitter at Facebook, pero titigil din agad. Nakawawala ng pag-asa ang mundo sa labas. Ilan na nga ba ang kaso? Mukhang matatagalan pa bago posibleng mabakunahan. Anong lagay ng mga ospital? Ang daming namamatay.

Pipindutin ko ang Alt + Tab para lumipat sa ibang window. Gmail para mag-check ng mga email. Alt + Tab ulit dahil makikita ko ang reklamo ng magulang. Paano raw makasisiguro na hindi mandadaya ang mga mag-aaral sa online exam? Pakiramdam ko, inaaway ako kahit hindi naman ako ang totoong kaaway.

Alt + Tab papunta sa Canva. Makulay at mabulaklak ang slides ko para sa araw na ito. Umaasa akong maeengganyo ang mga mag-aaral kung makikita nila ang effort na inilalaan para sa kanila. Gumamit na ako ng kung ano-anong app: Jamboard na puwedeng lagyan ng sticky notes kunwari, Kahoot para pang-quiz bee, Mentimeter para makapag-online poll—pero alam kong nauumay na sila. Kaming mga guro, hanap lang nang hanap ng bagong ipapakita sa screen para mabuhayan sila ng loob. Hindi ko na alam kung mabisa ba o hindi.

May mga araw na may magsasalita naman sa klase; may mag-a-unmute para sumagot sa mga tanong na inilalatag ko. Mas madalas na sa chat sila nagsasalita, at tinatanggap kong baka dito sila mas komportable. "O, sabi ng kaklase ninyo, ganito, ganiyan. Salamat sa iyong sagot. May gusto ba kayong idagdag?" paulit-ulit, habang nakatingin sa screen na mukha namang kawalan—puro itim. Kaya kahit hindi naman, parang kausap ko lang ang sarili ko.

Pero baka maiba naman ngayong araw. Baka magsalita sila ngayong araw. Exit Google Docs. Exit Gmail.

9:00. Gising na ang mag-ama ko. Yayakap ang anak ko sa akin. Magluluto ng almusal ang asawa ko. Noong nagsimula ang online school year, nag-aaway pa kami dahil nalilimutan kong patayin ang sinaing. Hindi ko raw ba naaamoy ang sunog na kanin. Bumili tuloy kami ng rice cooker na automatic, para hindi na ito maging problema.

Mamadaliin ko ang template na kailangan ng anak ko para sa klase niya. Ihahanda ko rin ang kaniyang mesa, bago ako bumalik sa work station ko dahil magsisimula na rin ang klase ko para sa araw. Nagi-guilty akong mas present pa ako sa teacher life kaysa sa buhay-nanay. At baka excuse ko na lang na kailangan kasi naming mabuhay.

10:30. Mamimili na ako ng playlist na patutugtugin para sa Zoom call—habang naghihintay na makompleto ang mga mag-aaral. 'Yung hype na music ang gusto nila. Kahit hindi ko naiintindihan ang mga kanta, game lang, basta makakuha ng reaksiyon. Nag-Google Forms survey ako noong nakaraang linggo para mangolekta ng kanta mula sa kanila at bumagay sa taste nila ang patutugtugin ko sa klase. Dark pa nga ang tema ng mga kanta. Kamatayan, pagiging pointless ng buhay. Masama ang mundo. Gano'n talaga. Pero trip nila.

10:40. Bubuksan ko na ang Zoom call. Hindi pa man nag-uumpisa, mayroon na akong pagtanggap na ibubuhos ko ang 110% ng enerhiya para sa klase, pero baka hindi sila magsalita.


Ilang linggo ko na itong inuulit-ulit sa sarili ko. Okay na, makakaraos din.


Magsisimula silang pumasok sa Zoom call. Patay ang camera. Patay ang mic. Nakamamatay na katahimikan. Screen na puno ng itim na kahon, na nasa loob ng mas malaking itim na kahon.

Habang nakatingin sa repleksiyon ko, magsisimula akong magturo.

Inhale. Exhale. Inhale. Exhale. Hinga.

*Karaniwang Itsura ng mga Kahon ni Andrew*






**Mga kahon ni Andrew:** Zoom screens at chatbox kung saan niya nababasa at naririnig ang guro at mga kaklase na tinatawag at sinisisi siya dahil hindi makapag-on cam at makapagsalita sa klase.

## Andrew

Ang ingay sa bahay ngayong umaga. 9:00 na at kanina pa sila nag-aaway. Hindi ko na maalala anong oras nagsimula, to be honest. Nagising ako ng 8:00 to prepare for my report at nagbabangayan na sila. May presentation pa naman ako ngayon sa klase tungkol sa analysis ng isang short story na sobra kong nagustuhan, dahil coming-of-age ang theme. Kinakabahan ako dahil baka hindi ako makapag-on cam at unmute mamaya. I really, really hope na matapos nang mag-away agad sina Mama at Papa, kahit ngayon lang. I prepared for this report.

"Gusto mo bang magka-COVID? Tapos iuuwi mo rito at magkakaroon tayong lahat ng sakit! Tayo-tayo na nga lang dito tapos pahihirapan mo pa ang mga buhay natin!" sigaw ni Mama. *Please, Papa, 'wag ka nang lumabas, para hindi na magalit si Mama*. Magsalita kaya ako?

"Eh trabaho nga iyon! Pinapatawag nga ako sa site! Ano bang magagawa ko?" pagdadabog naman ni Papa. *Please, Mama, pumayag ka na, just let him leave*. Alam ba nilang nandito ako, and I can hear them?

Feeling ko tuloy, I'm such a bad child? Andrew, di mo ba naiisip ang COVID? Mas iniisip mo pa na matapos lang ang away, so you can finish your report today. Jesus.

Naligo muna ako at kumain mag-isa, habang patuloy ang awayan. Buti na lang, natapos ko na ang lahat ng kailangan for class kagabi. I'm sure hindi ako makaka-focus kung ngayong umaga ko sinimulan. Pagkatapos maligo, hihintayin ko na lang ang pagsisimula ng klase. Magdadasal na by that time, tapos na ang away.

10:00, tumahimik sandali, thank God. May kausap si Papa galing sa office. Nagtatanong yata if puwede ba siyang mag-leave, o mag-work from home. Hay, sana hanggang mamaya. Hanggang 12:00 lang, please.

10:40 na. Nagbukas na ng Zoom call si Teacher. Sinetup ko na ang laptop ko sa sala ng condo namin. Hindi naman ako puwede sa kuwarto, dahil doon nagwo-work from home si Mama. Dito rin sa sala may strongest signal ng Wi-Fi. Katabi lang ng sala ang dining area at kusina namin. Maliit lang ang condo. Wala akong mapagtaguan kahit pa gustong-gusto ko.

Just when I thought magiging mapayapa ang umaga, narinig ko si Papa. "Kailangan daw ako sa opisina." And at that moment, alam ko na. Chaos ensued.

Nag-message ako sa kaibigan, "Nag-aaway na naman sina Mama at Papa. I'm not sure if I can report."

"Sabihin mo lang kay teach! PM ka bago mag-start ang class."

Pero hindi ako makapag-PM. Nag-message lang ako sa kaniya last week for the same reason, "Teacher, hindi po ako makakapagsalita today kasi may problema sa bahay." Lagi na lang siyang sumasagot ng, "It's alright." "Okay lang." Gusto ko namang makapagsalita, kahit today lang.

Sabi sa school policies namin this year, dapat daw, may "designated learning space" kami ngayong taon. Dapat daw, hindi distracting ang background namin. Nagpadala actually ng survey ang school, nagtanong kung ilan ang laptop sa bahay, kung kaya ba ng Wi-Fi ang online na klase. Ang lumabas daw sa survey, kaya naman ng lahat ng students na may synchronous classes na naka-on ang camera, araw-araw.

Noong minsan tuloy na in-observe ng school director ang klase namin, nagpadala siya ng private message sa akin. "Hello, Andrew. Please turn on your camera. It is one of our school policies. Thank you."

Sa takot ko, nagbukas ako agad ng camera, at nahagip si Papa na topless noong lumabas siya sa kuwarto. Mainit din kasi, at sanay naman siyang hindi naka-shirt sa condo namin. Pinatay ko agad ang camera. Hindi na ako kinulit ulit pagkatapos noon. Kung puwede lang, sasabihan ko sina Mama, 'wag silang lumabas ng kuwarto para hindi sila makita sa klase. I'm sure, pagagalitan lang ako.

Hindi ako makakilos. Naririnig ko lang si Teacher Joy sa utak ko, noong araw na sinabi niya ang tungkol sa project na ito. Nag-speech siya, na lagi niyang ginagawa, para ma-motivate siguro kami. "Nauunawaan naming mahirap talaga ang setup natin ngayong taon, kaya rin kahit policy ng school na magbukas kayo ng camera, hinahayaan na namin, basta sasagot kayo sa chat, at alam naming nandito pa rin kayo. Pero sana, kahit sa Lunes lang, para sa pagre-report ninyo ng final project. Iyon lang, sa buong taon. Sana maibigay n'yo na sa amin iyon."

Dahil doon, pinaghandaan ko ang pag-uulat na ito. Nakikita ko rin naman ang effort ng teachers. Alam ko naman na sobrang hirap para sa kanila na magturo sa ganitong setup. Kahit ngayon lang, gusto ko sanang maibalik ang effort. Just today.

"Okay! Magsisimula na tayo sa reports para sa araw. Dahil sinabi ni Andrew na ngayong linggo siya mag-uulat at nagka-emergency siya last week, magsisimula tayo sa kaniya," narinig ko si Teacher Joy.

Nanginginig ang mga kamay ko. Hindi ko magawang pumindot sa laptop ko para mag-message sa kaniya.

11:00 na. Hanggang 12:00 lang naman ang klase, pero ayaw talagang ibigay ng universe ang katahimikan. Should I just go for it at mag-unmute? Tinapat ko ang mouse sa unmute button.

"Tangina, sige! Pumasok ka! Gawin mo ang gusto mo! Kung gusto mo palang patayin tayong lahat, sana sinabi mo!" sigaw ni Mama. Kahit nasa kuwarto sila ni Papa, rinig na rinig ko. It's all I can hear. Hindi ko na naririnig ang nangyayari sa klase. *Tangina, sige! Magkasakit na tayong lahat! Punyeta, puro trabaho, paano kung ma-virus tayo dito? Anong silbi ng trabaho?* It's all I hear. *Napakadrama mo. Eh sige, kapag nawalan ako ng trabaho, ano na, tanginang iyan.*

Umiilaw ang cellphone ko. May mga messages, galing siguro sa classmates ko.

"O e di 'wag na lang akong magtrabaho! Mawalan na lang tayo ng panggastos! Hindi na ako lalabas. Taragis na buhay 'to," sagot ni Papa.


Nakatitig lang ako sa screen pero wala na akong ma-absorb. Naramdaman kong umiiyak na ako. Nasa isang window ang nakahandang report. Sayang.

Sorry, teacher.

I'm really sorry.

*Karaniwang Itsura ng mga Kahon ni Teacher Michael*




**Mga kahon ni Teacher Michael:** Dinosaur screen—wala na naman siyang internet; Zoom screen kahit nahihirapan siya sa interface; at hindi naka-on na camera at audio sa department meeting nilang high school teachers dahil sa faulty data.

## Teacher Michael

"Pakshet naman," ibinaba ko ang telepono. Tumawag ako sa Converge at nakapila na raw ang pagpapa-install ko ng internet. Hindi ko na mabilang kung nakailang tawag na ako. Wala na namang signal ang data ko, at kailangang may mapagbuntunan lang ako nitong init ng ulo ko. Tiningnan ko ang relo. Alas otso y medya. Kanina pa walang signal ang data, paggising ko. Dalawang oras na lang, klase na naman. Ano na? Akala ng mga bata hindi ko nararamdaman na natatawa na sila sa pagka-boomer ko kuno. Hindi ko alam kung natatawa o naaawa sila.

Simula noong lumipat kami sa online learning, hirap na hirap akong kumilos dahil naka-data lang ako dito sa bahay. Halos lahat ng mga mag-aaral sa paaralan kung saan ako nagtuturo, mayayaman. May mga estudyante pa nga akong anak ng pulitiko at artista. Kayang-kaya nilang mag-Zoom araw-araw. Araw-araw tuloy synchronous ang mga klase. Mapapaisip ka na lang, bakit walang option para sa hindi iyon kaya? Pero gano'n, eh.

Isang oras bago ang klase, lumabas ako ng bahay para maghanap ng mabibilhan ng ibang sim. Baka sakaling may signal kung gano'n. Naririnig ko na, malamang kapag nireklamo ko ito, masasabihan ako ng, *bakit wala po kayong backup plan, teacher?* Kaya heto, maghahanap, kahit hindi pa ako nakaliligo at naaamoy ko pa ang sibuyas at bawang galing sa pagluluto ko kanina. Diyos ko. Para sa akin pa kaya ang pagiging teacher? Nakatatawang iniisip ko ito kahit mahigit sampung taon na akong nagtuturo. Sampung taon!

Dati akong public school teacher. Lumipat ako dito sa paaralan kung nasaan ako ngayon, dahil naintriga at natuwa ako sa pagiging progressive nito. Hindi ko pa nga alam no'n kung anong ibig sabihin ng progressive. Ang alam ko lang, sawa na ako sa bulok na sistema. Sawa na ako sa palakasan para ma-promote. Kaya masaya ako sa bagong paaralan. Sinabi no'n sa akin ng bago kong department head, "Hindi gaanong binibigyang-pansin dito ang mga grado o ang kompetisyon. Mas mahalaga na makabuluhan ang mga inaaral natin. Hinahanap ng kids na naa-apply nila sa pang-araw-araw na buhay iyong mga pinapaksa sa klase."

Nanibago man ako dahil traditional talaga ang nakasanayan kong teaching, maligaya ako dahil parang natututo rin ako. Parang lumaya? Napadpad sa bagong lugar at na-expose sa bagong metodo ng pagtuturo.

Mayroon lang akong mga hindi mabitawan. Sanay na ako sa paggamit ng whiteboard, halimbawa. Sampung taon na akong "Whiteboard lang, sapat na." Hindi ako gumagamit ng slides gaya ng mga co-teacher ko sa paaralang ito. Mas komportable akong nagsusulat sa whiteboard, lalo pa't Math ang subject ko. Okay lang naman na hindi ako gumagamit ng slides o ibang visuals, lalo na noong face-to-face pa ang klase.

Pero heto, iba ang kaso sa online. Kailangan talaga ng pesteng slides. Ang hirap-hirap kaya maglagay ng mga equation sa Powerpoint? May iba pa ngang ginagamit ang mga co-teacher ko. Canva raw. May mga suhestiyon din sila, gaya ng pagbili ng pen tablet. Para daw akong may whiteboard pag ganoon. Pero ayaw ko nang dumagdag pa sa gastos ko. Mahihirapan lang ako sa pag-install, panigurado.

Nakahanap naman ako ng mabibilhan ng sim card sa malapit na 7-Eleven. Nilagay ito sa cellphone ko (buti at double sim!). Ni-loadan at ni-register sa promo ng data. Mas marami pa yata akong gastos kaysa kinikita, ewan ko. Teaching is a thankless job, minsan parang totoo.

Pagkatapos mag-setup sa panibagong sim at maligo, binuksan ko na ang Google Classroom para mag-check kung nagpasa ba ng gawain ang mga bata. Sampu pa ang missing sa benteng estudyante. Ito pa ang masaya sa paaralang ito, ang konti ng mga bata. Ang konti din ng nagpasa. Kalahati. Sa totoo lang, nakalilito pa rin ang Google Classroom para sa akin. Hinahanap-hanap ko ang pagbubuhat ng maraming notebook para check-an ang mga aktibidad na pinasagot ko. Ngayon, ang komplikado, kahit pa sinasabi nilang mas simple ito.

Alas-diyes. Magsisimula na ang klase; tatlumpung minuto na lang. May nag-message na bata, hindi raw makakapasok. Masama ang pakiramdam. Ewan kung maniniwala pa ako. Ramdam na ramdam kong nauumay na sa akin ang mga estudyante ko. Dati, kahit na malayo ang edad ko sa mga nakasanayan na nilang maging guro, kahit hindi ako *hip* o *cool,* sabi nga nila, magiliw naman sila sa akin. Ngayon, parang napakaliit na ng Math teacher na pinapanood nila sa screen.

Kung magiging totoo ako, hindi pa ito ang pinakamalaki kong problema sa online setup. Bago mag-transition sa online learning, wala naman akong internet sa bahay. Hindi naman ako ma-internet. Ginagamit ko lang ito para manaliksik kung minsan para sa ituturo ko, at

sapat na noon ang oras sa paaralan kung kailanganin ko mang gumamit. Bumili rin ako ng laptop dahil wala rin ako nito noon. Wala naman yata akong choice.

Kinausap ko ang school admin noon para humingi sana ng magagamit para sa online learning. 'Ka ko, "Puwede po kayang manghingi ng budget para makabili ng laptop at iba pang gamit? Kahit wala na po para sa bayarin namin sa koryente, okay lang po 'yun."

Pinautang naman ako. Ikakaltas sa suweldo ko kada buwan ang 30k na ipinahiram para makabili ako ng mga kakailanganin para makapagturo. Medyo kinagalitan pa yata ako noong lumapit ako sa kanila."Pasalamat nga po tayo, teach, at may trabaho pa tayo. Marami na pong eskuwelahan ang nagsara. Ang goal po talaga namin ay walang mawalan ng trabaho sa lahat ng empleado. Suwerte pa nga po tayo," sabi sa akin. Ngumiti na lang ako.

Sampung minuto bago magsimula ang klase, nag-message ang coordinator ko. "Teach, makakapasok ka? Para makahanap tayo ng sub if ever." Suwerte pa rin ako dahil considerate naman dito kahit papaano. Nag-reply ako, "Opo, nakahanap ako ng paraan."

Simula noong lumipat ako sa paaralang ito, palagi ko namang iniisip na suwerte ako. Nakawala ako sa pagkakulong sa sistema ng public school. Sabi sa akin ng mga kasamahan ko na nasa public pa rin, sila na nga ang gumagawa ng module, sila pa ang nagpi-print. Ang layo ng karanasan ko sa kanila. Kawawa raw ang mga mag-aaral na walang akses sa internet. Ang layo rin ng karanasan ng mga estudyante nila sa mga estudyante ko, na hindi kailangang isipin kung paano sila maghahanap ng makapupuno sa kumakalam na sikmura, habang iniisip rin ang pagsagot sa mga module.


Suwerte naman talaga ako. May trabaho pa ako at may pagkakataong magturo nang makabuluhan.

Pero habang hinahanap ang Zoom link para sa araw (Diyos ko, ilang linggo na, di ko pa rin kabisado), iniisip ko kung may lugar ba ako rito.

Habang hinahanda ang sarili dahil baka mag-lag ako sa klase at makabasa na naman ako ng hindi sinasadyang public message mula sa isang estudyante tungkol sa pagkainip o pagkainis, naiisip ko na bakit gano'n? Katulad sa dating paaralan, naiiwan ang hindi malakas.

Limang minuto na lang. Wala ba talagang lugar ang walang kakayahan?

*Karaniwang Itsura ng mga Kahon nina Laya at Lucas*




**Kahon ni Laya:** Zoom screen, dahil masipag siyang pumasok kahit na walang gana dahil sa paulit-ulit na mga pangyayari sa klase.




**Kahon ni Lucas:** Tambak na assignments sa Google Classroom; mensahe sa Nanay.

## Laya

Every day, I wake up at 7:00 to run on my treadmill for an hour. Important na may physical activity pa rin kahit we're all stuck at home.

If you would ask me how I am in online classes, I would say, meh. Okay lang. Masasabi ko that I'm one of the most responsible students in class. Mayroon akong planner; mayroon akong Google Keep to keep track of everything I need to do.

Para daw maging okay ang online learning ko, pumayag ang parents ko to buy the laptop that I like—a gaming laptop. Mayroon din akong mechanical keyboard, maayos na mouse, at gaming headset with noise-cancelling features. Naka-setup din ang workspace ko, gaming area style. I'm okay, or am I?

Ewan ko. I feel like, every day is the same. The other day, kinausap ako ng adviser ko. We have these monthly check-ins, para alam nilang okay kami. Kasi mahalaga daw na we always keep our mental and emotional well-being in check. Sabi ko sa kaniya, "Nothing excites me anymore teach. I used to look forward to playing video games, or watching movies on Netflix, pero now, I'm not motivated to go to school at all. Looking at the link exhausts me."

## Lucas

"Lucas, 'nak, aalis na ako," maririnig ko si Nanay. Maaga siyang umaalis, alas-siyete, para sa buong araw na shift sa call center. Hanggang alas-siyete ng gabi.

Ibibilin ni Nanay na pumasok ako sa klase. May pinahiram na laptop sa akin ang school, kung saan limang taon nang custodian si Tatay. Libre ang tuition fee ko dahil dito, at kahit ganito, may kamahalan pa rin ang miscellaneous fee.

Nasanay na nga ako sa maraming bagay—sa English-speaking kong mga kaklase, sa palaging pagiging latest na modelo ng kanilang mga gamit, sa pagkakaroon nila ng pera para sa mga bagay na hindi ko yata mabibili sa buong buhay ko, gaya ng drumset, customized na gitara o ukulele, branded na mga bag at damit.

Panibagong araw na naman. Sasabihin ko na naman kay Nanay na pumasok ako, kahit hindi naman talaga, kasi mahirap mag-alaga ng kapatid habang nag-o-online class. Tipong tatawagin ka para mag-recite, tapos natatae ang kapatid mo. O nagdi-discuss ang teacher, tapos iiyak siya kasi may gusto na namang kung ano. Wala naman akong magawa dahil dalawa lang kami sa bahay. Ang hirap pindutin ng link. Kaya minsan, hindi ko na lang ginagawa.

But a few minutes before class, I just started crying. I don't know why. Walang trigger. Bigla na lang, hindi ako mapatahan.

I just remembered that last night, I saw my cousin, after so long of not seeing anybody else. Dumaan lang sila ni Tita dito sa bahay for something very urgent. Nakausap ko siya, siguro, five minutes.

I think Mom heard me, though. Bigla siyang pumasok sa kuwarto. She kept asking why. She kept saying, "You're class will start in a few minutes. Tumahan ka na. Bakit ba?" Pero I couldn't speak. A few minutes later, she called my dad. "Ano ba nangyayari sa anak mo?" Sagot naman ni Dad, "Ano ka ba? Binigay na namin ang lahat ng gusto mo? Bakit para kang baliw na umiiyak ngayon? Ang suwerte mo kumpara sa ibang bata. Please, mag-aral ka na lang."

Gusto ko silang sagutin pero they won't understand. Ayoko naman talagang maging malungkot. Hello? I feel guilty when I'm sad—kasi suwerte nga ako, di ba? Nagi-guilty ako when Andrew sends me messages na magulo sa bahay nila. Nagi-guilty ako kapag nagmamakaawa si Teacher Joy na magsalita naman kami sa klase, pero hindi ko talaga magawang ganahan. I feel guilty when I open Facebook

Ilang minuto na lang, oras na ng klase. Gusto kong pumasok pero hindi ko nagawa ang required na task para sa klase ngayong umaga.

Sabi daw ng school director sa tatay ko, hindi naman daw ako pababayaan ng mga teacher. Totoo naman, sinasabi nila na okay lang kung hindi ako maka-attend ng class, kailangan magawa lang ang tasks.

On-site ang trabaho ng tatay sa paaralan. Nakabantay sila doon kahit wala namang gumagamit ng building. No-work, no-pay, kaya pumapasok siya. Si nanay naman, nakapasok sa call center kahit pandemic, sa isang non-voice account na customer service ang pangunahing gawain. Sobrang sakto, dahil kailangan namin ng additional na panggastos. Pero dahil walang maayos na equipment dito sa bahay, on-site din siya kung magtrabaho.

Ayoko nang guluhin ang nanay at tatay ko tungkol sa non-performance ko sa klase. Paano ako mang-aabala, eh makita ko lang ang pictures ng commuters sa social media, nag-aalala na ako? Makita ko lang ang pataas nang pataas na numero ng mga kaso, parang hindi ko na sila dapat pang pag-alalahanin pa. Nakaka-praning. Ayaw kong magka-virus sila. Ayaw ko ring magka-COVID kami ng kapatid

or Twitter, and I see stories of what others are going through right now. May students na gustong mag-aral, pero they have no means of doing it. May mga estudyante pa nga na secondhand smartphone lang ang gamit—grabe—what right do I have to be sad?

Dapat okay lang ako. Why can't I stop crying? Of course, kinukulit pa rin ako ni Mom. "Ano, Laya, do you want to go to Boracay? Will that make you feel better? Di ba pumunta doon ang friends n'yo kasi pinapayagan naman kayo mag-class from there?" That's true. Siguro pag lumabas ako, I'll feel better. Kapag nakakita ng dagat o white sand. Pero after that, balik na naman dito. Hindi makalabas. Never-ending online classes. Exhausting Zoom links. Endless tasks that no longer have meaning to me.

Inutusan ako ni Mom. Pumasok raw ako. Mag-off cam na lang for the day since puwede naman. Hindi raw ako puwedeng mag-absent just because I'm feeling this way. Later, she'll schedule me with my therapist daw. Maybe my therapist will know daw what to do. Can my therapist end this virus? Or at least make the assholes in the government do their jobs properly? Because I think that's the only thing that will make me okay, let's be real.

ko. Kapag tinitingnan ko siya, naaawa ako. Baka may COVID na pala kami kasi araw-araw na lumalabas at umuuwi ang mga magulang namin. Kaya ayun, lalo akong nawawalan ng gana gawin ang tambak kong tasks sa Google Classroom, kahit pa may hiram na laptop na magagamit.

Minsan, nagagalit ako sa mga kaibigan ko. Nakakakuwentuhan ko sila sa mga group chat. Nagkukuwento sila ng pakiramdam daw ng swab test. "It's like they took a piece of my brain, dude. It feels so weird. I felt like the sticky thing stayed in my nose the whole day, even if it wasn't there anymore." Gusto ko silang kamuhian. At least, alam nila, wala silang virus. 'Yung nanay at tatay ko, hindi iyan magpapa-swab. Baka dalawang linggong budget na namin ang halaga ng isang swab test.

Ayaw kong magalit sa kanila. Itinuturo sa klase namin—at least, sa mga napapasukan ko—na hindi tayo dapat magalit sa isa't isa. Pare-pareho lang tayong biktima ng mas malaking halimaw, ng sistema. Ito raw ang dahilan ng lahat ng pagdurusa nating lahat. At totoo naman, bakit ba kasi walang mass testing, hanggang ngayon? O bakit ba hindi kumilos nang maayos ang gobyerno noong pasimula pa lamang ang lahat ng ito? Hinayaan pang lumala.

But of course, I don't say that. Instead, I open the Zoom link. I listen to the teacher. And later, before I sleep, I'll do all the tasks sa Google Classroom. My mom and dad leave the room, kasi okay na ako.

Sa class, Teacher Joy tells us about the vaccines. She rants a little bit about how inefficient the government is. And she's absolutely right.

My mom and dad say though, they know people that have been vaccinated already. Baka nga sila rin, ma-vaccinate soon. Maybe that's why they suggested a beach visit "to make things better."

Still, I know it's not enough. Things are not okay. They won't be for a while.


Wala namang masamang intensiyon ang mga kaklase ko at ang mga pamilya nila. Sadyang may pribilehiyo sila, at ang lahat ng problema ay nakaugat sa mga mali sa sistema.


Umiiyak na ang kapatid ko. Baka gutom na. Pero titingin muna ako sa Facebook. Mababasa ko ang balita tungkol sa bakuna.

Darating ang araw na mababakunahan ang lahat ng kaklase ko, at ang mga pamilya nila. Nababakunahan na nga ang iba. Ayaw kong magalit; hindi naman nila kasalanan.

Uusad lang sila at maiiwan ako. Maiiwan kami ng pamilya ko.

*Mga Kahon ni Teacher Joy, Nitong Nakaraang Mga Araw*






**Mga kahon ni Teacher Joy:** Leave form dahil namatay ang Lolo sa COVID; mensahe ng estudyanteng nanghihingi ng feedback; email na hindi siya na-regular; leave form para sa swab test.

## Teacher Joy

Nakatanggap ako ng email ngayong umaga na mae-extend ang probationary period ko sa paaralan. Kahapon, sobrang saya ko dahil kung ano-ano ang ipinapa-Grab ng mga estudyante ko at ng mga magulang nila dito sa bahay. Nagpapasalamat sila sa sakripisyo raw naming mga guro sa taong ito. "We know the year has been hard, pero ang lupet mo, Teach!" "Salamat sa taon!" "Thank you for doing your best to teach us, even if it was difficult for you. Hope to see you soon!"

Hindi ko alam tuloy kung bakit hindi ako na-regular. Marahil, dahil nahuli ako sa pagpapasa ng grades. Dahil nahuli, na-late din ang pag-generate ng report cards. Maraming na-hassle sa akin. Kagabi, ikinuwento sa akin ni Teacher Michael na hindi rin siya na-regular. Ang una ko pang naisip, dahil siguro nahihirapan siya sa tech. Inaral ko naman ang lahat ng tech na kailangan, pero nagkulang pa rin.

Sinabi ko naman na inaasikaso ko lang ang Lolo kong nagkaroon ng COVID, pero hindi naman mababago noon na nakaabala ako ng mga tao dahil sa pagkaantala. Marami din akong hindi na-upload na mga dokumento at lesson plan. Siguro, sa susunod na taon, hindi na talaga ako gagawa ng gawaing-bahay kapag oras ng trabaho. Nahihirapan kasi akong magpigil, parang trabaho ko ring ayusin ang bahay.

Matatapos na ang school year ngayong linggo. Nawawala-wala na rin ako sa wisyo. Paano, nakakaramdam ako ng sintomas, at nag-aalala ako kung COVID na ba ito. Nagpa-schedule na rin ako ng swab test para sigurado, kahit napakamahal ng home service. Tatlong libo. Kalahati na ng renta sa bahay, pero kailangan.

Natatawa ako sa sarili dahil iniisip ko kaagad kung may internet ba sa isolation facility, para makapagtrabaho pa rin ako doon. May exit documents lang na kailangang tapusin, kasabay ng pagtatapos ng school year. Kung wala, maglo-load ako ng data. Mahirap nang hindi makapagtrabaho.

10:30 na. Ihahanda ko na ang playlist para sa araw, na patutugtugin ko para maging magaan naman ang simula ng aming klase. Ramdam na ramdam ko na ang kawalan ng gana ng mga estudyante. Patapos na ang taon. Gusto na nilang magpahinga.

Nahihilo kong bubuksan ang Zoom call. Ilang minuto lang, unti-unti nang papasok ang mga mag-aaral. Mabibingi na naman ako sa katahimikan, kaya sisimulan kong patugtugin ang playlist.

Wala nang magcha-chat ng "Good morning, Teach!". Alam kong atat na atat na silang magbakasyon, kahit wala rin namang magbabago. Nakakulong pa rin sila.

Tititig ako sa screen, na karagatan ng itim. Patay na naman ang camera. Patay na naman ang microphone. Atat na atat na silang matapos.

Mapapatigil ako sandali, dahil nakatitig na pala ako sa mga ataul na magkakatabi. Sa laptop ko, mga itim na ataul. Walang imik na mga patay.



"Teach? Teach are you there?"

Nag-black screen ang laptop ko. Sira na ba? Hindi ko alam. Walang pakiramdam ko itong isinara.

Pumasok ako sa kuwarto, humiga, at pumikit. Mamaya na magpapasabi. Pinakiramdaman ko muna ang hininga. Inhale. Exhale. Inhale. Exhale.

Hinga.

